

**IN THE UNITED STATES DISTRICT
COURT DISTRICT OF HAWAII**

IN RE:

**ESTATE OF FERDINAND E. MARCOS
HUMAN RIGHTS LITIGATION**

**MDL NO. 840
No. 86-390
No. 86-330**

THIS DOCUMENT RELATES TO:

**Hilao et al v. Estate of Ferdinand
E. Marcos,
and
DeVera et al v. Estate of Ferdinand
E. Marcos.**

**PATALASTAS NG PAGKAKASUNDO SA CLASS ACTION
(NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT)**

SA LAHAT NG MGA KASAPI NG “CLASS SUIT” (CLASS MEMBERS)

Ang patalastas na ito ay ipinadala alinsunod sa Kautusan ng *District Court* ng Estados Unidos para sa *District of Hawaii* (the “*Court*”) upang ipagbigay-alam sa inyo na ang Korte ay magpapasiya kung: (1) ang kasunduan sa pagitan ng *Class* at iba pang partido na naghahabol sa mga likhang-sining (*paintings*) na dating pagmamay-ari ni Gng. Imelda Marcos ay makatarungan, makatwiran at sapat, (2) ang Korte ay magpapasiya kung ang pangatlong pansamantalang hiling ng “*Class Counsel*” para sa bayad sa abogado at gawad ng bayarin at pagsasauli ng nagugol ay makatwiran, at (3) ang Korte ay magpapasiya kung ang hiling para sa pabuyang gantimpala sa “*Class Representative*” ay makatarungan.

**PAGBABALIK- TANAW SA KASO
(BACKGROUND)**

Nagsimula ang paglilitis laban kay Ferdinand E. Marcos noong Abril 1986 na isinampa bilang isang “*class suit*” na binubuo ng 9,539 mamamayang Pilipino na naging biktima ng karahasan (*torture*), pagpaslang (*summary execution*) o sapilitang pagdukot (*involuntary disappearance*) o ng kanila sa ilalim ng pamamahala ni Marcos simula noong Setyembre 1972 hanggang Pebrero 1986. Ang *Estate* ni Ferdinand E. Marcos (the “*Marcos Estate*”) ang siyang ipinalit bilang nahahabla (*defendant*) sa pagkamatay ni Marcos noong 1989. Matapos ang mga sunud-sunod na paglilitis noong 1992, 1994 at 1995, ang *Hawaii Federal Court* ay nagpalabas ng hatol noong ika-3 ng Pebrero 1995 na pabor sa *Class* sa halagang US\$1,964,000,000 (the “*Judgment*”). Ang *Class Counsel* ay nagsikap na matamo ang nasabing halaga pero hinahadlangan sila sa pagtatago ng mga assets na pag-aari ng *Marcos Estate*. Ang mga kinatawan ng *Marcos Estate* na sina Imelda R. Marcos at Ferdinand R. Marcos, Jr. ay nahatulan ng “*contempt of court*” para sa kanilang ginawa. Noong Enero 2011, ang Korte ay nag-gawad ng hatol na US\$ 353,600,000 (the “*Judgment*”) para sa “*contempt*” laban sa Marcos Estate, Imelda R. Marcos at Ferdinand R. Marcos, Jr.

**ANG PAGLILITIS SA NEW YORK
(THE LITIGATION IN NEW YORK)**

Noong Nobyembre 2012, ang *District Attorney* ng New York ay nagsampa ng isang pagsasakdal laban kay Vilma Bautista, dating “personal assistant” ni Imelda R. Marcos. Sinasabi sa sakdal na ibinenta ni

Bautista ang isang mahalagang *impressionist painting* (the “Painting”) na naging pag-aari o bahagi ng koleksyon ni Imelda Marcos, sa isang hindi kilalang tao – na walang pahintulot ni Imelda Marcos – sa halagang US\$32,000,000. Sa loob ng 10 araw, ang Class Counsel ay naghain ng demanda laban kay Bautista sa New York Supreme Court upang hingin ang *Painting* at mga iba pang likhang-sining na naging pag-aari o bahagi ng koleksyon ni Imelda Marcos at ang napagbilhan ng *Painting*. Noong Hunyo 2013, ang bagong may-ari ng *Painting* ay pumayag na magbayad sa Class ng halagang US\$10,000,000 na syang ipinamahagi sa mga karapat-dapat na kasapi ng Class noong 2014. Simula noon, ang Class Counsel ay nagsampa ng pangalawang demanda laban kay Bautista, sa Republika ng Pilipinas at iba pang partido para sa napagbilhan ng *Painting* at iba pang likhang-sining na nagkakahalaga ng kabuuan na US\$23 million.

ANG KASUNDUAN (THE SETTLEMENT)

Ang Class Counsel ay nagpasiya na makabubuti para sa Class na makipagkasundo na kaugnay sa pagmamay-ari ng *Painting*. Sa loob ng anim (6) na taon, ipinaglaban at gumawa ng patas na negosasyon ang Class counsel sa counsel ni Bautista, sa kumakatawan sa Republika ng Pilipinas at iba pang partido. Pagkaraan ng negosasyon na isinagawa ng federal judge ng New York, ang Class Counsel ay nakipagkasundo sa halagang US\$13,750,000 na idedeposito sa Class Settlement Fund sa Hawaii Federal Court (the “Fund”). Bilang kapalit sa kabayaranang ito, ang Class at mga kasapi nito ay hindi na maaring maghabol o magsimula ng anumang habla hinggil sa nasabing *Painting*. Ang buong nilalaman ng *Settlement Agreement* ay makikita sa <https://kohnewswift.com/2018/09/26/ksg-marcos-litigation/>.

Ang Class Counsel at ang kinatawan ng Class na si Jose Duran ay itinuring na makatarungan, makatwiran at sapat ang *Settlement Agreement* at ito ay para na rin sa ikabubuti ng Class. Ilan sa mga kinunsidera nila sa pagpayag sa *Settlement Agreement* ay ang mga sumusunod: kawalang-katiyakan ng pagwawagi sa paglilitis o pag-apila; ang pagkaantala at mga gastusin sa paglilitis at apila; at ang pangangailangan ng mga miyembro ng Class na makatanggap ng pangatlong pamamahagi pagkatapos ng 32 taon na matinding pakikipaglaban sa korte na nagsimula pa noong 1986.

Ang Class Counsel ay abala pa rin sa iba pang litigasyon bilang kinatawan ng Class, at magpapatuloy na hanapin ang ibang pag-aari ni Marcos at ipatutupad ito para sa kabayaran ng Judgment.

ANG PAGDINIG (HEARING)

Ang Hawaii Court ay magdaraos ng pagdinig sa Marso 28, 2019, alas diyos ng umaga (10:00 a.m.). Sa nasabing pagdinig ay isasaalang-alang ng Hukuman kung aaprubahan o pagtitibayin na ng pinal ang *Settlement Agreement* bilang makatarungan, makatwiran at sapat. Ang pagdinig ay gaganapin sa Courtroom 880, Roybal Federal Building, 255 East Temple Street, Los Angeles, CA 90012.

HINDI NA NINYO KINAKAILANGAN PANG DUMALO SA PAGDINIG O GUMAWA NG ANUPAMANG HAKBANG KUNG KAYO AY SUMASANG-AYON AT HINDI TUMATANGGI SA NATURANG SETTLEMENT AGREEMENT, PARA SA KABAYARAN NG ATTORNEY’S FEES, GASTOS AT IBA PANG BAYAD SA KINATAWAN NG CLASS.

PARA SA KINATAWAN NG CLASS

Sinuman sa kasapi ng Class ay maaaring pumunta at humarap sa pagdinig upang ibigay ang kanilang katwiran, kung mayroon man, kung bakit ang *Settlement Agreement* ay hindi dapat aprubahan o pagtibayin ng Korte. Walang sinumang diringgin sa paglilitis kung walang paunang kasulatan o nakasulat na patalastas (*written notice*) na siya ay may intensyong humarap sa Hukuman o Korte upang ilahad ang lahat ng dahilan ng kanyang pagtutol o iba pang saloobin sa kanyang paninindigan/posisyon, dala ang mga dokumento (*supporting documents*) at mga alegato (*briefs*), na naipadala sa Clerk of the Court sa pamamagitan ng *first-class mail*, at natanggap ng **hindi lalampas sa Marso 15, 2019** sa sumusunod na direksyon (*address*):

Clerk of the Court
 United States Courthouse
 300 Ala Moana Boulevard
 Honolulu, Hawaii 96850

Dapat ay nakasaad sa sobre at mga pagtutol ang titulong: “*Marcos Human Rights Litigation, MDL No. 840 (D. HI)*”. Kinakailangan ding magpadala ng kopya ng mga naturang papeles sa pamamagitan ng *first-class mail* sa *Class Counsel* at matatanggap ng hindi **lalampas sa Marso 15, 2019** sa sumusunod na direksyon (*address*):

Robert A. Swift, Esquire
 Kohn, Swift & Graf, P.C.
 1600 Market Street, 25th Floor
 Philadelphia, PA 19103

**DISTRIBUSYON NG PONDO
 (DISTRIBUTION OF THE FUND)**

Kung ipagkakaloob ang huling pagpapatibay (*final approval*) sa *Settlement Agreement*, ang nalikom na galing sa Kasunduan na US\$13.75 milyon ay magiging pag-aari na ng Fund. Ang Hawaii Federal Court ay ipamamahagi ang Pondo sa Class members (matapos ibawas ang gastos sa Korte, ang administratibong gastos sa pamamahagi (distribution), bayad sa mga abogado, insentibong kaloob at iba pang gastusin). **Ang Hawaii Federal Court ay hindi pa nagpapasiya sa usapin ng pamamahagi, kung kaya’t hindi nararapat na kayo ay magpalagay at mag-akala sa anumang tiyak na halagang inyong matatanggap at kung kailan ang pamamahagi.** Subali’t hihilingin ng Class Counsel sa Korte na gumawa ng pagbabahagi ng US\$1,500 sa mga karapat-dapat na miyembro mula sa pondo ng Settlement ngayong 2019. Ang Hawaii Federal Court ang direktang magsasagawa ng pamamahagi sa bawa’t isang karapat-dapat na miyembro, at hindi maaari sa mga tagapamagitan (intermediaries), tulad ng nangyari noong 2011 at 2014. Alinsunod sa mga naunang Kautusan ng Hawaii Federal Court, hindi nito kikilalanin ang bisa ng *special powers of attorney* na ibinigay sa ilang mga tao at mga grupo.

**PAGIGING KARAPAT-DAPAT NG MGA KASAPI NG CLASS
 (ELIGIBILITY OF CLASS MEMBERS)**

Hindi lahat ng *Class Members* ay karapat-dapat na makatanggap ng kabayaran. Noong taong 1993 at 1999, ang *Hawaii Federal Court* ay hinilingan ang lahat ng *Class Members* na magharap o magsumite ng *Claim Forms*. Ang mga *Class Members* lamang na siyang nagpadala ng kumpletong *Claim Forms* sa nabanggit na dalawang magkahiwalay na taon ang karapat-dapat na makatanggap ng kabayaran. Huli na upang magharap o magsumite at magbigay suplemento sa *Claim Form*.

**APLIKASYON PARA SA PAGKAKALOOB NG BAYAD SA
 ABOGADO AT MGA GASTUSIN
 (APPLICATION FOR AN AWARD OF ATTORNEY’S FEES AND EXPENSES)**

Sa mahigit na 32 na taon ng paglilitis o litigasyon, ang *Class Counsel* ang nag-abono sa lahat ng mga gastusin sa litigasyon at nakatanggap lamang ng dalawang pansamantalang bayad sa *Counsel fees* at mga gastos. Hihilingin ng *Class Counsel* sa *Hawaii Federal Court* na magbigay ng ikatlong pansamantalang bayad para sa *counsel fees* at mga gastos na hindi lalampas sa 30% ng Pondo. Karagdagan dito, ang kinatawan ng *Class* ay hihiling ng insentibong nagkakahalaga ng US\$20,000 mula sa Pondo para kay Jose Duran. Ang nabanggit na mga aplikasyon ay ipa-file sa *Clerk of the Court* sa *Hawaii* na nakatala sa ibaba at maaaring ma-inspeksyon doon at sa website ng *Class Counsel* na naitala na sa itaas, bago ganapin ang pagdinig ng Pagkakasunduang ito. Ang anumang mga karagdagang pagtutol ay dapat na isulat at ipadala sa pamamagitan ng first class mail sa:

Clerk of the Court
United States Courthouse
300 Ala Moana Boulevard
Honolulu, Hawaii 96850

Ang mga pagtutol ay dapat matanggap ng Korte at ng *Class Counsel* ng hindi lalagpas ng pitong (7) araw bago magkaroon ng *Hearing* at ang sobre ay dapat may nakalagay na: “*Estate of Ferdinand E. Marcos Marcos Human Rights Litigation, MDL No. 840 (D. HI).*”

KARAGDAGANG IMPORMASYON
(ADDITIONAL INFORMATION)

Kung kayo ay nagbago o lumipat na ng tirahan, kung kayo ay may balak na magbago ng inyong tirahan anumang oras sa hinaharap, kung ang Patalastas (*Notice*) na ito ay matatanggap ninyo sa lugar na iba kung saan ito naka-address, o kung mayroon kayong karagdagang katanungan ukol sa *Notice* na ito, dapat ninyong ipagbigay-alam agad kay Robert A. Swift sa kanyang direksyon na nasa itaas, o kay:

Atty. Rodrigo C. Domingo, Jr.
Filipino Co-Counsel
Unit 15-B, LPL Center
130 L.P. Leviste Street,
Salcedo Village, Makati City 1227
Philippines

HUWAG TUMAWAG SA CLERK OF THE COURT O KAY JUDGEREAL

BY ORDER OF THE COURT:

/s/Sue Beitia
Sue Beitia, Clerk
United States District Court
District of Hawaii

Petsa: Pebrero 11, 2019